## APPLICATION

- Ikaw ba ay tagasunod ni Cristo? Ikaw ba ay naniniwala na binigyan ka ng Diyos ng buhay na walang hanggan? Papaano ka mamumuhay sa Diyos  at mamumuhay sa liwanag araw-araw?
- Ang paniniwala mo ba sa Diyos ay may kinalaman kung paano ka mamuhay? Anong bahagi ng iyong buhay ang kailangan mong pagsisihan at ipamamuhay sa liwanag? Ano ang gagawin mo upang bigyang pansin ang mga ito ngayong linggo?
- Papaano mo mababantayan ang iyong sarili laban sa mga maling turo? Mayroon ka bang panahon at lugar para sa araw-araw na pagbabasa ng Bibliya at panalangin? Papaano ka mas lalalim pa sa Salita ng Diyos sa linggong ito?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos kung sino Siya at sa mga nagawa niya para sa iyo. Hingin sa Kanya na maging liwanag ang iyong buhay at mailantad ang anomang bagay na hindi kaaya-aya sa Kanya. Mangako na ikaw ay mamumuhay sa liwanag araw-araw.
- Ipanalangin na ikaw ay mananalig sa katotohanan at hindi magpapatangay sa mga mali o mga katuruan na hindi ayon sa Bibliya. Ipanalangin na makilala pa ng lubos ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Siya ang maging pundasyon ng iyong buhay.
- Ipanalangin na ikaw ay maging gabay o tanglaw ng liwanag ng Diyos at pag-ibig sa iba. Ipanalangin na sa ating pamumuhay sa liwanag ay matunghayan ng iba ang ganitong halimbawa at sumunod din kay Cristo.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph






# Pamumuhay sa liwanag

## NOTES

## WARM-UP

- Masasabi mo ba na ikaw ay sanay gumising sa umaga o manatiling gising sa gabi gaya ng kuwago? Bakit?
- Naalala mo pa ba ang isang pagkakataon na ikaw ay nahuling nagsinungaling? Anong nangyari?
- Papaano mo masasabi kung ang isang tao ay seryoso sa kanyang pangako? Magbigay ng halimbawa.

**WORD**

*[5]Ito ang mensaheng narinig namin mula kay Jesu-Cristo at ipinapahayag din sa inyo: Ang Diyos ay liwanag at sa kanya ay walang anumang kadiliman. [6]Kung sinasabi nating may pakikiisa tayo sa kanya ngunit namumuhay naman tayo sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay nag ayon sa katotohanan. [7]Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, tulad ng Dios na nasa liwanag, may pag kakaisa tayo, at nalilinis tayo ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng kasalanan.*
**1 JUAN 1:5-7**

---

Si Apostol Juan ay sumulat sa mga Kristiyano upang hamunin ang maling kaisipan na lumalaganap sa simbahan noong mga panahon na iyon. May mga ilang tao na nagsasabi na walang kinalaman ang paniniwala sa asal—na makikilala parin natin ang Diyos kahit magpatuloy tayong mamuhay sa kasalanan. Sa liham na ito, ipinaliwanag ni Juan kung ano ang kinalaman sa pagitan ng paniniwala at kung paano tayo nararapat mamumuhay. Sa aral na ito, tutunghayan natin ang mga tatlong katotohanan mula sa unang kabanata ng liham na ito.

## 1 Ang Diyos ay liwanag.

*Ito ang mensaheng narinig namin mula kay Jesu-Cristo at ipinapahayag din sa inyo: Ang Diyos ay liwanag at sa kanya ay walang anumang kadiliman.* **1 JUAN 1:5**

Sinimulan ni Juan ang pagtatama sa katuruan mula sa pagbibigay ng katotohanan na maari nating panghawakan: Ang Diyos ay liwanag. Ibig sabihin nito na ang Diyos ay isang daang porsiyentong dalisay, banal, at perpekto. Sa Kanya ay walang kadilimang namamalagi at walang kadilimang mananatili. Kailan man hindi Siya nagkamali. Dahil Siya ay liwanag, Siya ang pangunahing nagbibigay liwanag—kapag nariyan ang Kanyang presensiya, inilalantad Niya ang kasalanan at pinalalayas ang kadiliman. Paano nakatulong ang pagsasalarawan ng liwanag at kadiliman upang higit pang maunawaan ang mga bagay patungkol sa Diyos?

## 2 Kung wala tayo sa Diyos, tayo ay naglalakad sa kadiliman.

*Kung sinasabi nating may pakikiisa tayo sa kanya ngunit namumuhay naman tayo sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay nag ayon sa katotohanan.* **1 JUAN 1:6**
**(BASAHIN DIN ANG 1 JUAN 2:9-11.)**

Ang Diyos ay liwanag, tayo ang ganap kabaligtaran—tayo ay makasalanan, masama, at nabubuhay sa madilim na mundo. Tanging sa pamamagitan lamang ni Hesus sa Kanyang sakripisyo sa krus na tayo'y magiging bago at magkakaroon ng ugnayan sa Diyos. Kung mayroon tayong ugnayan sa Diyos, sinasabi ni Juan na ito ay dapat makita sa ating pamumuhay. Hindi natin maaring angkinin na tayo ay mayroong ugnayan sa Diyos at patuloy na mamuhay sa imoral at maruming pamumuhay. Ipinakikita ng mga patuloy na nagkakasala na hindi pa nila kilala ang Diyos. Bakit ang tunay na mananampalataya ay hindi na dapat maglakad sa dilim? Papaano tayo mamumuhay sa katotohanan?

## 3 Ang maglakad kasama ng Diyos ay maglakad sa liwanag.

*Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, tulad ng Diyos na nasa liwanag, may pag kakaisa tayo, at nalilinis tayo ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng kasalanan* **1 JUAN 1:7**

Kung tayo ay tunay na nabubuhay para sa Diyos, gayon tayo rin ay nabubuhay sa liwanag at nabubuhay ng kaaya-aya sa Diyos. Bilang mga Kristiyano, hindi ito nagangahulugang hindi na tayo magkakasala ngunit ang ating pamumuhay ay hindi na sa kasalanan ang pakakalinlan. At kung sa panahong tayo ay magkakasala ating lamang ikumpisal sa Diyos at tayo ay patatawarin niya (1 Juan 1:9). Dahila sa dugo ni Kristo na dumanak sa krus tayo ay nalinis mula sa ating kasalanan at nagkaroon tayo ng ugnayan sa Diyos at sa ibang mga mananampalataya. Papaano na ang tamang pag-unawa sa ating pagiging makasalanan at ang ating pangangailangan sa Diyos ay magdudulot ng pagbabago sa ating buhay? Paano nagbago ang buhay mo matapos mong maunawaan ito?